

Ang Pángat,
ang Lupang Ninuno
at ang Ilog

Maikling Kuwentong Pambata

Carlos Palanca Memorial Awards for Literature
2012 - Third Prize

Buod ng “Ang Pángat, ang Lupang Ninuno at ang Ilog”

Ang maikling kuwentong ito ay umiinog sa buhay ng isang katutubong pinuno o *pangat* sa Kalinga, sa rehiyon ng Kordilyera sa Hilagang Luzon. Sa pamamagitan ng salaysay ni Apong Chumallig, na siyang paboritong tagasalaysay ng mga bata, malalaman nila ang naging buhay ng bayaning si Macliing Dulag, at kung paano niya pinamunuan ang pagtutol ng mga tribung Bontok at Kalinga laban sa mga dam na itatayo sana sa Ilog Chico ilampung taon na ang nakalilipas.

Matiyagang binalikan ng matanda ang naging buhay ng kanyang kababatang si Macliing. Sa pamamagitan ng kanyang salaysay, mauunawaan ng mga bata kung paano nahubog ang pagkatao ng *pangat* mula sa pagkabata nito, ang mga karanasan nito bilang binata at hanggang nagka-pamilya, at bilang pinuno ng kanilang nayon at pamayanan.

Ang pinakamahalagang bahagi ng salaysay ni Apong Chumallig na kinasabikan ng mga bata ay ang pagharap ni Macliing sa mga makapangyarihang tauhan ng pamahalaan at mga sundalo at kung paano siya nanatiling matatag sa paninindigang tumutol sa mga dam sa kabila ng pananakot at panunuhol sa kanya.

Mababatid ng mga bata ang malaking panganib na idudulot sana ng mga dam kung natuloy ang mga ito: malulunod ang kanilang mga nayon at taniman ng palay, ang libingan ng kanilang mga ninuno, at lilikas silang lahat mula sa lupang kinalakhan, dahil lamang sa pagnanais ng nasa kapangyarihan na bigyan ng elektrisidad ang ilang pabrika sa kapatagan.

Labis ang tuwa ng mga bata sa paliwanag ng matanda na sa kabila ng kawalan ng edukasyon at kayamanan, napagkaisa ni Macliing ang mga tribu sa pamamagitan ng pagpapalakas ng loob nilang lumaban upang ipagtanggol ang kanilang buhay, lahi at lupain. Nagbigay-inspirasyon sa mga bata ang salaysay ni Apong Chumallig na ang kani-kanilang mga magulang ay naging bahagi ng magiting na pagpupunyagi ng mga tribu na ihinto ang mapanirang proyekto.

Mauunawaan ng mga bata ang ibig sabihin ng kabayanihan at ang kahalagahan ng pagmamalasakit at pagtatanggol sa lupang ninuno. ◀

Ang Pangat, ang Lupang Ninuno, at ang Ilog

Umupo si Apong Chumallig sa *ator* para magpahinga.

Halos dalawang oras niyang karga ang kanyang apo at gumising lang ang sanggol nang dumating ang nanay nito na galing sa *payao*. Hindi pa halos lumalapat ang likod ng matanda at naiuunat ang kanyang mga binti para kunin ang nasa kanyang bulsa, nang makita niyang tumatakbo ang mga bata mula sa paaralan.

Inihanda niya ang bunga at dahon na bubudburan ng apog para sa *nganga* na kanyang ngunguyain.

“Apong! Apong! Kuwentuhan n’yo po ulit kami!” sabay-sabay na bati sa kanya ng mga bata.

“Hindi n’yo po natapos noong huling nagkuwento kayo sa amin! Ikuwento n’yo po uli ngayon, Apong!” pakiusap ni Wanay sa matanda.

Natuwa si Apong Chumallig sa masayang ingay ng mga batang nakapaligid sa kanya. Binalumbon niya ang lumang lalagyan ng kanyang paboritong aliwan at ibinulsang muli.

“O siya, magkukuwento ako, pero kailangang umuwi kayo agad kapag tinawag na kayo ng inyong mga magulang para hindi sila nag-aalala, lalo pa ngayon na basta na lamang pumapasok ang mga sundalo rito sa atin nang walang paalam kay Kapitan,” wika ng matanda.

“Ngunit Biyernes po ngayon, Apong, at sabi ni Ina ay maaari kaming magtagal dito para makinig sa inyong kuwento,” giit ni Wanay. “Nakita namin kanina ang mga sundalong tumawid sa tulay at sabi ng titser ay doon muna sila sa kanilang kampo sa haywey. Kaya’t maaari po tayong magkuwentuhan nang matagal!” dugtong pa niya.

“Kukuha po kami ni Wanay ng kahoy na panggatong para sa ating *anido*,” masayang nagboluntaryo si Simay.

“Opo, Apong, lahat kami ay maaaring tumulong sa pagkuha ng panggatong para mas matagal ang ating *anido*,” halos magkakasabay na wika nina Sim, ang pinakamatanda, at ang iba pang mga bata.

“O siya, siya, maaaring manatili lahat dito at makinig sa buong kuwento. Inuulit ko, kapag tinawag kayo ng inyong mga magulang, lahat kayo’y dapat umuwi, malinaw ba?” atas ng matanda, sabay yuko upang idura ang mapulang nganga. Ang mga bata’y mabilis na nagsitakbuhan. Bago pa man niya maiunat muli ang pagód at nirarayumang binti, at habang minamasdan ang namumulang langit, ay nakabalik na ang mga bata na may bitbit na panggatong.

Iniyos ni Sim ang salansan ng mga kahoy sa tabi ng matanda.

“Apong, sabi n’yo po noong huling kuwento, ang ibang ninuno ay tumawid ng mga bundok at ilog, at may hawak pa silang sibat at panangga upang makidigma sa ibang tribu. At pag-uwi nila ay dala-dala ang mga ulo ng kanilang tinalong kalaban,” ang sabi ni Simangon, na pinakabata sa mga tagapakinig ng matanda.

“A, yun ay noong sinaunang panahon, Simangon. Matagal na matagal nang panahong nakalipas,” wika ni Banatao. “Noong huli tayong nandito, inumpisahan ni Apong ang kuwentong naganap noong bata pa ang ating mga magulang. Ang sabi niya, kinailangan nilang makiisa sa iba pang mga tribu laban sa mga kaaway mula sa ibang lugar. Hindi po ba, Apong?” dagdag ni Banatao.

“Oo tama ka, yan na nga ang ikukuwento ko sa inyo ngayong gabi. Dumating ang panahon na ang mga tribung Kalinga at Bontok ay nangailangang palakasin at pahigpitin ang kanilang *bodong* at nangakong ipagtanggol ang mga mamamayan at *ili*. Isang magiting na taga-Bugnay, na karatig-*ili* natin, ay itinuturing na bayani ngayon sapagkat nanindigan siya at hinikayat niya ang lahat na magkaisa at lumaban upang ang aming mga anak, na siyang mga magulang ninyo ngayon, at ang mga magiging anak nila ay maaari pa ring mabuhay sa magandang lupaing ipinamana ng mga ninuno,” wika ng matanda.

Sinusuyod ng mga mata niya ang mga kinakalawang na mga bubong na ngayo’y sumasanib na sa dumidilim na paligid habang mabilis na kumubli ang araw sa likod ng kabundukan.

“Nakilala n’yo po ba siya? Kaibigan n’yo po ba siya?” tanong ni Wanay.

“Kilala ko ba ‘kamo siya? Magkababata kami at sabay kaming lumaki! Kasama ng aming mga kaibigan, ako at si Macliing Dulag ay masayang lumalangoy noon sa Ilog Chico, tumatalon mula sa mga higanteng bato na hinahampas ng malalakas na agos. Kapag kami’y nagutom, hinaharangan namin ng mga bato ang agos at ang mga

isda ay nakukulong namin kaya't madali naming nahuhuli ang mga ito sa pamamagitan ng aming mga buslo. Kapag maraming huli, inuuwi namin ito upang lutuin. A, makapangyarihan at mapagbigay ang ilog! Kung minsan naman, dumadako kami nina Macliing sa gubat at doon ay usa naman at baboy-damo ang aming nahuhuli," salaysay ng matanda.

"Hindi po kayo pinapagalitan ng inyong mga magulang, Apong?" pilyong tanong ni Banatao.

"A, hindi, sapagkat alam ng aming mga magulang na hindi kami mangangahas pumunta sa kasukalan ng gubat o kaya'y maglaro sa mga bukal na pinanggagalingan ng tubig na iniinom ng *ili*. Maingat din kami na huwag lumayo o gumawa ng di tama o maminsala sa mga hangganan o lupain ng mga kalapit na tribu."

Inayos ng matanda ang apoy sa harapan niya.

"Bago kami maglaro nina Macliing, tumutulong muna kami sa aming mga Ina na magpakain ng mga baboy at manok. Sabay-sabay pa kaming pumupunta sa *payao* para paalisin o bugawin ang mga ibon na kumakain sa palay. Napakagandang tingnan ang tanim na parang ginto sa araw at nakayuko na tila nag-aalay, dahil handa nang anihin."

Huminto siya sa pagsasalita at pinagmasdan ang mga batang matamang nakikinig. "May mga araw ding hindi kami makapaglaro nina Macliing sapagkat pumupunta siya at ang kanyang mga kapatid at Ina sa *uma* upang mag-ani ng kamote. Kung minsan, may bitbit siyang sako para manguha ng gulay sa kanilang *uma*."

"Nagtutulungan po rin ba kayo sa mga asaynment sa eskwelahan?" tanong ni Simay.

"A, iba ang panahon noon. Hindi kami nakapag-aral dahil walang mga paaralan sa mga *ili*. Natuto kami sa mga itinuturo ng mga magulang at mga apong namin tungkol sa maraming bagay...minanang lupain, mga buhay ng aming mga ninuno, mga dahilan ng digmaan ng mga tribu, mga dapat tandaan sa pangangalaga ng kapaligiran lalo na ang ilog at kagubatan. At ang karamihan sa mga pag-aaral na ito ay sa pamamagitan ng mga awit at salaysay," ang pagmamalaking sagot ng matanda.

"E di paano po naging dakilang tao at bayani ang inyong kaibigan kung hindi siya nakapag-aral?" pahamon na tanong ni Simangon.

“Lumaking mabuting tao si Macliing. At matapang! Noong panahon ng digmaan at salakayin ng bansang Hapon ang ating bayan, magiting siyang tumulong sa mga gerilya na lumaban sa mga sundalong Hapones,” ang tugon niya.

“Kayo po, nakipaglaban din po ba kayo sa mga kaaway, Apong?” tanong ng mainiping si Wanay.

Umiling ang matanda. “Ako? Hindi. Pero si Macliing, talagang matapang siya at buo ang loob niya. Naging taga-buhat siya ng mga gamit ng mga gerilya na nakipaglaban. Nang matapos ang digmaan, bumalik sa dating daloy ang buhay dito. Naging magsasaka na si Macliing tulad ng lahat sa *ili* – nagbabantay sa mga taniman, nangangahoy, nagingisda sa ilog, nagtitinda ng labis na pananim para magkaroon ng kaunting pera...” bahagyang humina ang boses ng matanda at dumura ito ng nganga.

“Ano po ang nangyari kay Apo Macliing at naging bayani?” sabay-sabay na tanong ng mga bata.

“Napangasawa ni Macliing ang byudang si Umagon at sila ay nagkaroon ng anim na anak, dagdag ang isang anak ni Umagon sa yumaong asawa. Nang namatay si Umagon, napangasawa ni Macliing si Samon pero hindi na sila nagkaanak. Naging mabait na asawa’t ama si Macliing. Kahit na malaki ang kanyang pamilya, hindi siya nagkulang magmalasakit at magpakita ng magandang –loob sa kanyang mga *kailian*. At dahil dito, siya ang nahirang na kapitan ng kanilang baryo. Umani siya ng paggalang ng iba pang karatig na *ili* at tribu dahil sa kanyang mahusay na pamamalakad. Kaya siya’y itinuring na *pangat*. At alam niyo ba, bukod sa pagiging *pangat*, nanilbihan din siya sa lokal na ahensya ng pamahalaan bilang kaminero? Alam niyo ba ang ibig sabihin noon?” ang tanong ng matanda sa matamang nakikinig na mga bata.

“Tagalinis po ng kalsada, Apong?” ang sagot ni Banatao.

“Oo, masasabi mong ganoon nga. Ngunit higit pa roon, tinitiyak ng kaminero na ang kalsada o daan ay laging maayos, na agad naaasikaso ang mga sira nito upang ang mga manlalakbay o pasahero ay hindi nalalagay sa panganib o hindi naaantala ang byahe ng mga sasakyan,” ang paliwanag ng matanda habang dumudukot muli ng *nganga* sa kanyang lukbutan.

“Ang ibig n’yo pong sabihin, naging bayani siya dahil inayos niya ang kalsada?” ang pabirong tanong ni Simangon at nagtawanan ang mga bata sa tabi niya.

Hindi agad sumagot ang matanda, bagkus ay napatingin sa malayo, lampas sa mga bubungan ng mga bahay na ngayo'y nasisinagan na ng liwanag ng buwan. Sinalamin ng mga mata niya ang apoy mula sa *anido*.

“Wala pang sumunod na *pangat* ang makapapantay sa katapangan at matibay na paninindigan ni Macliing. Siya ay buong giting na humarap sa mga taong nagnais magdala ng panganib at pagkawasak sa ating katutubong pamayanan,” ang malinaw na pahayag ng matanda.

“Ilampung taon na ang nakararaan, noong panahon ng diktadura sa Pilipinas, dumating ang balita dito sa atin na ang pamahalaan sa Maynila ay nagbabalak magtayo ng malalaking dam dito sa ating ilog. Isang dambuhalang dayuhang bangko ang magbibigay ng salapi para maitayo ang proyekto nila rito. Isipin n’yo na lang kung paano nila babahain ang ating mga *ili*, sisirain ang mga *payao* sa bundok at ang mga bahay natin!”

Halos pigil ng mga bata ang kanilang hininga habang nakikinig sa matanda.

“Mabilis na kumalat ang balita at bago pa man kami nakaisip ng mga hakbang ay nakapagpadala na sila ng mga sundalo na titiyak na maisasagawa ang balak nila! May mga dalubhasa pa silang kasama, gaya ng inhinyero, na magsasagawa raw ng sarbey dito!” halos manginig ang tinig ng matanda.

“Hindi kami nag-aksaya ng panahon. Nagtawag si Macliing ng pulong at sinabi niyang humanda kaming humarap sa mga taga-labas na tiyak na mangungumbinsi na pumayag kami sa balak nila. Naku, mga matataas na opisyal ang pumunta dito para ipaliwanag na ang mga dam ay kailangang ipatayo sa ating ilog para sa kaunlaran at kabutihan ng lahat!” galit ang tinig ng matanda.

“Ano po ang sinabi ni Apo Macliing sa kanila?” magkahalong pananabik at pag-aalala ang pagtatanong ni Sim.

“Inaway po ba sila ni Apo Macliing?” hindi nakatiis na tanong naman ni Wanay.

Parang bumalik ang matanda sa panahong isinasalaysay niya.

“Matapang na humarap si Macliing sa mga sundalong nagtatanong ng katibayan ng pag-aari ng mga katutubo sa lupang sisirain ng pamahalaan. At ito ang kanyang sagot:

‘Tinatanong ninyo kami kung pag-aari namin ang lupain at kinukutya ninyo kami sa pagtatanong kung nasaan ang titulo namin? Kahambugan ang ariin mo ang lupa, sapagka’t ikaw ang aariin ng lupa! Paano mo aariin ang lupang mananatili kapag ikaw ay patay na?’

“Lalong nagalit ang mga opisyal sa pahayag na ito ni Macliing dahil alam nila na ang kaharap nila ay isang matigas ang ulong pinuno ng tribu!” patawang sabi ng matanda.

“Paulit-ulit kaming nakiusap na huwag na nilang ituloy ang kanilang balak dahil malilipol ang ating lahi. Parang bingi at bulag ang pamahalaan sa mga pakiusap na ito,” dagdag ng matanda.

“Talagang masasama ang mga taong ‘yun na nais tayong ipahamak!” ang dating tahimik na si Simay ay di na rin nakatiis magbulalas ng kanyang niloloob.

“Kaya, ang sabi ni Macliing, ihanda namin ang aming mga sandata sapagkat ang pamahalaan at ang pangulong si Marcos sa Malacañang ay tiyak na gagawa ng paraan upang ituloy ang mga dam. Patuloy ang kanilang mga pananakot, gamit ang mga malalakas na sandata nila. Inaresto nila at ikinulong ang marami sa amin. Inutusan pa ni Marcos ang kanyang opisyal na si Elizalde na suhulan kami. Dinala dito ang mga trak na puno ng mga pagkain at kung anu-ano pang mga gamit at bagay na sa akala nila ay magpapahinuhod sa amin na pumayag na sa dam. Sinunod namin si Macliing na nanindigan sa gitna ng pananakot at panunuhol ng pamahalaan,” ang pagmamalaking sabi ng matanda.

Yumuko si Apong Chumallig para ayusin ang mga kahoy sa apoy. At saka siya nagpatuloy ng pagsalaysay.

“Sintapang ni Macliing ang matatandang kababaihan na noong una ay nagsusumamo at nakikiusap lamang sa mga may-kapangyarihan. Ngunit sa kalaunan, nang sila ay di rin pakinggan, buong tapang silang sumalakay sa kampo at sinindak ang mga sundalo’t empleyado doon. Bilang pahayag ng kanilang matibay na pagsalungat at pagtutol sa mga dam, nagtanggap sila ng kasuotan at binaklas ang mga tolda sa kampo. Tiniyak nila na di na mapapakinabangan ang mga makinang gagamitin sana upang sirain ang buhay at lupain ng mga katutubo! Walang magawa ang mga empleyado at sundalo kundi lisanin ang kampo nila. Wala silang laban sa tatag at tapang ng mga kababaihan!”

Bagamat nanginginig ay may pagmamalaki ang tinig ng matanda.

Nagpalakpakan ang mga bata.

“Kung kami ay buhay na noon, tiyak na sasama kami sa inyo sa paglaban!” halos sabay na winika nina Wanay at Banatao.

Napangiti ang matanda sa tinuran ng dalawang bata.

“Dinala pa nga ni Elizalde si Macliing sa isang malaki at mamahaling otel sa Maynila at doon, sinubukan muling suhulan ang *pangat*. Ngunit nabigo siyang muli nang sabihin sa kanya ni Macliing:

‘Ang sobrang ito ay maaari lamang maglaman ng dalawang bagay —liham o pera. Kung liham, hindi naman ako marunong magbasa. At kung pera, wala naman akong ipinagbibili. Kaya kunin n’yo ang sobre n’yo at umalis na kayo!’

Muling nagpalakpakan ang mga bata.

“Lalo lamang itong nagpagalit sa mga tauhan ng pamahalaan. Isang gabi, habang natutulog si Macliing at ang kanyang pamilya, pinalibutan ng mga traydor na sundalo ang kanyang bahay at pinaulanan ito ng bala. Ang aking kaibigan at aming *pangat* Macliing ay agad binawian ng buhay sa dami ng tama sa katawan,” magkahalong lungkot at galit ang naramdaman ng matanda sa kanyang pagsasalaysay.

“Mga halimaw pala sila!” ang sigaw ni Wanay.

“Ngunit alam ba ninyo, na pagkamatay ni Macliing, sa halip na manahimik at pumayag, ay lalo lamang tumapang ang mga tao sa pagharap sa mga nagbabalak ng dam? At gaya ng nauna, patuloy ang pagdakip at pagdala sa ilan sa amin sa kulungan sa poblasyon. Ang mga apong na babae ay matiyagang naglakad nang malayo para dalhan kami ng pagkain at makiusap sa mga opisyal ng militar na palayain na kami,” patuloy ng matanda.

“Ano po ang ginawa ng iba?” tanong ni Sim.

“Marami sa amin, oo, kabilang na ang mga magulang ninyo na kabataan noon ay humawak na ng sandata at sumama sa mga bagong mandirigma ng Kordilyera upang ipagtanggol ang ating lupaing ninuno,” sagot ng matanda.

“Kung ganoon ay natalo po ang kalaban? Matatapang kasi ang mga magulang namin!” bulalas ni Banatao.

“Oo, di nagtagal, nakita ng pamahalaan na napakalakas ng suporta sa mga mamamayang Kalinga at Bontok laban sa dam. Mula sa iba’t ibang lugar dito sa bansa, pati na mula sa ibayong dagat, malakas ang panawagan sa pamahalaan na itigil na ang balak nito. Bumuhos ang tulong sa kilusan ng mga katutubo laban sa dam. Sa wakas, binawi ng dayuhang bangko ang plano nito. Hindi na rin nagawang ipilit ng pamahalaan ang nais nito sa harap ng pagtutol ng mamamayan,” paliwanag ng matanda.

Naaninag niya sa dilim ang sumisilay na ngiti sa mukha ng mga bata.

“Ngayon, alam na ninyo kung paano nagiging *pangat* at dakilang bayani ang isang tao na may paninindigan at kagitingan.”

Nakita ng mga bata ang unti-unting kapaguran sa anyo ng matanda.

“Huwag ninyong kalilimutan ang kuwento ni Pangat Macliing...” marahang sumandal ang matanda sa bato. Nagkatinginan ang mga bata at alam nilang lubhang napagod ang matanda sa pagkukuwento sa kanila.

“Apong, sasabihin po namin kay Ama at Ina ang lahat ng naibahagi ninyo sa amin ngayong gabi, para hindi rin nila ito makalimutan,” wika ni Wanay at tumango ang mga inaantok na ring mga kalaro.

“Ah, hindi pa nila nakakalimutan ang kuwentong iyan. At balang araw, uulitin nila sa mga magiging anak ninyo ang kuwento ng buhay ng Pangat, ng lupang ninuno at ng ilog...gaya ng ginagawa natin ngayon,” halos pabulong na sabi ng matanda.

“Siya, magsiuwi na kayo. Kailangan ko na ring magpahinga at naubusan na ako ng kuwento sa dami ng inyong mga tanong,” pabirong dagdag niya habang nakatitig sa ngayo’y nagbabagang *anido*.

“Paalam na po, Apong Chumallig! Salamat sa kuwento ninyo. Sana po ay mayroon uli kaming mapakinggang kuwento mula sa inyo!” masiglang wika ng mga bata habang nagsisipagtayuan upang umuwi na sa kanilang mga tahanan.

Nang nakauwi na ang lahat, lumatag ang katahimikan sa buong *ili* habang hinihintay ng matanda na lumamlam ang liwanag mula sa mga baga. ◀

Talasalitaan

<i>Pangat</i>	pinuno ng tribu
<i>Apong/ Apo</i>	lolo o lola
<i>Ator</i>	sentro ng bayan o nayon sa Kalinga kung saan nagaganap ang mga talakayan; sa Mt. Province ang tawag dito ay <i>dap-ay</i> .
<i>Payao</i>	taniman ng palay sa bundok
<i>Nganga</i>	katutubong kagawian ng pagnguya ng bungang binubudburan ng apog at ibinabalot sa dahon, na nagiging pula kapag idinudura, kadalasa'y ginagawa ng ilang tao kapag may umpukan o pag-uusap
<i>Anido</i>	pagpapainit sa paligid ng apoy
<i>Bodong</i>	kasunduang pang-kapayapaan sa pagitan ng dalawa o higit pang tribu sa Kordilyera, na isinasagawa ng mga pinuno o nakatatanda upang lutasin ang mga tunggalian at mapanatili ang kapayapaan
<i>Kordilyera</i>	bulubunduking rehiyon sa Hilagang Luzon na binubuo ng Benguet, Mt. Province Ifugao, Kalinga, Abra at Apayao
<i>Kailian</i>	kababayan, kanayon
<i>Ili</i>	pamayanan, nayon, baryo
<i>Uma</i>	taniman sa bundok na ginagamitan ng katutubo o sinaunang mga pamamaraan ng pagbubungkal at pagtatanim